ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

Taon 3 • Blg. 39 Pebrero 4-10, 2019 • P10.00

# WALANG UMIINOM NG GAMOT SA KAGUSTUHAN: IMEE MARCOS

p.2




## LGUs, brgys ordered to conduct weekly cleanup along Manila Bay

p.4

## 11 EMPLEYADO-KUPITERO, TIKLO SA SILANG

pahina 5

## DOH, HINIKAYAT ANG PUBLIKO SA KONSUMO NG TAMANG HALAGA NG YODO

pahina 11

## 'DAMO' SA BOTE NG PABANGO, BISTADO

pahina 7

## KANDIDATONG MAYOR SA ROSARIO, ARESTADO

p. 12

## KARERANG PINOY — THE REVIVAL OF TRACK CYCLING

p.6

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# WALANG UMIINOM NG GAMOT SA KAGUSTUHAN: IMEE MARCOS

**(Istorya ni Romy S., mga kuha ni June B.)**

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – "Pero sana tanggalin na ang VAT sa lahat ng gamot, (kse) wala namang umiinom ng gamot sa kagustuhan, o masarap kungdi dahil me sakit." (I hope VAT (value-added-tax) will be removed from all medicines, nobody takes medicines because they simply like, enjoy it, but because they're sick)**

Ito ang pahayag ni Ilocos Norte Governor Maria Josefa "Imee" Romualdez Marcos.

Ang gobernadora ay dumalo sa Cavite provincial government's "Ugnayan sa Barangay" program na ginanap sa Golden Horizon covered court sa Barangay Hugo Perez , Trece Martires City kamakailan.

Nagkaroon ng pagkakataon ang Cavite local media para sa isang ambush interview kay Gov. Marcos.

Binanggit din ng gobernadora sakaling palaring makaupo sa Senado sa darating na halalan ay ang pagtutuuon ng pansin para sa pagpapataas sa benepisyo ng mga senior citizen bilang isa sa kanyang mga prayoridad.

"Inaasahan ko na madagdagan yung stipend, at yung stipend na yun, hindi lahat nakakakuha dapat lahat, kaya tingnan natin." (I am hoping that the seniors' stipend will increase and that stipend, not all are covered when it should be for all, let look at it.)

Bahagi pa rin ito ng tugon ni Gov. Marcos sa katanungan sa kanya ng mga mamamahayag ng Cavite.

Nasa puso rin ng gobernadora ang lahat ng mga magsasaka hindi lamang sa Cavite bagkus sa buong bansa.

Hahanap din umano ng mga alternatibong solusyon upang maipababa o mailagay sa wastong presyo ang halaga ng mga pagkain para sa masa.

Nakasentro rin ang atensiyon ng gobernadora sa kasalukuyang entertainment industry ng bansa.

Matatandaang si Gov. Marcos ay dating pinuno ng Metro Manila Popular Music Festival (Metropop) at Director General ng Experimental Cinema.

"Panahon pa ng tatay ko lahat,"

tinukoy ng gobernadora ang kanyang namayapang ama na si dating Pangulong Ferdinand E. Marcos kaugnay ng isang panukala para sa Creative Industry Charter (CIC).

Ang CIC ay hindi lamang nakasentro sa traditional radio, film at television media.

Kaakibat din umano nito ang mga bagong plataporma na kinabibilangan ng games at toys development; social media, at digital communications.

Pinataas din ang antas ng mga ahensiyang saklaw dito katulad ng Film Development Council of the Philippines (FDCP), Movie and Television Review and Classification Board, (MTRCB), at Optical Media Board (OMB).

Ani Gov. Marcos, ang patas o pantay na oportunidad ay kinakailangang matamo ng mga talentadong Pinoy.




Napagitnaan nina Cavite Governor Boying Remulla at VG Jolo Revilla si Ilocos Norte Gov. Imee Marcos na dumalo sa Ugnayan sa Barangay kamakailan sa Trece Martires City. Dumalo rin sina Indang Municipal Councilor Ping Remulla, Tanza Municipal Councilor Lito Langit at De Ocampo Barangay Captain Bobby Montehermoso.



Ambush interview kay Ilocos Norte Gov. Marcos ng Cavite local media.

# Arts Month events to be staged at Cavite museum

**KAWIT, Cavite** — The Museo ni Emilio Aguinaldo (MEA), which is run by the National Historical Commission of the Philippines (NHCP), will join the nationwide celebration of National Arts Month (NAM) in February.

NHCP-Cavite cluster head and MEA curator, Haidee Paulette Bedruz, said Tuesday the museum's two-pronged proposition is to make use of the series of activities slated next month as a prelude to the 150th birth anniversary on March 22 of General Emilio Famy Aguinaldo.

"Aguinaldo is acknowledged as the country's president of the First Philippine Republic and the events aim to deepen the understanding and appreciation of Aguinaldo," Bedruz said.

The commemorative observance of Aguinaldo's 55th death anniversary is set on February 6 with simple, traditional rites, such as a wreath-laying ceremony after a Eucharistic Mass at 8 a.m.

On February 23, the NHCP, in partnership with Fundacion Santiago, will launch a special tour of the "House of History," (the Aguinaldo Shrine), the known historic site where Aguinaldo proclaimed Philippine Independence on June 12, 1898.

The tour, which runs every two Saturdays of every month and scheduled throughout this year, will highlight a first-person interpretation of history to be facilitated by trained actors/actresses performing the first-person narrative.

"This program will encourage the development of greater intellectual and emotional connections between the shrine and its visitors, and instigate critical thinking about the past and history as a discipline," she said.

To present Aguinaldo's youth, the MEA features "Mga Laro ni Heneral" (The Games of the General) on February 15.

Through his book, "Memoirs of the Revolution", the General revealed his fondness for traditional Filipino games, such as the kalahuyo, sopo, calderon, baticobra San Anton and Tubigan, which are no longer being played now amid the advent of technology.

Bedruz said the former Kawit tourism officer and now freelance curator and Aguinaldo descendant, Angelo Jarin Aguinaldo, will manage the interactive lecture in a bid to reintroduce to the "now" generation the mechanics and history of these traditional games.

She said the revival of these traditional games hopes to encourage not just awareness, but physical activity to the young kids.

To highlight Aguinaldo's 150th birth commemoration, a modified snakes-and-ladders type of game board will be introduced to the participants containing the timeline of the life of Emilio Aguinaldo adapted to the popular board game.

The museum curator added this will become a permanent interactive activity to future visitors of the shrine.

Other activities include a special exhibit titled, "1869: Cementing the Road to Independence", where the significant events that paved the way to the declaration of Philippine Independence in 1898 and a lecture by Cameron Castrillo titled "El Presidente" where the various Aguinaldo monument done by Eduardo Castrillo, will be discussed.

Born on March 22, 1869 in Kawit, Cavite, Aguinaldo, whose name may be synonymous to a plethora of things – from his eventful and exciting life, his courageous and bold political actions, and the various accusations against him, became president at the young age of 29.

Aguinaldo's most important role in history was his presidential proclamation of the Philippine Independence in Kawit, Cavite, which paved the way for the birth of the Philippine Republic on January 23, 1899.

The Palace has earlier declared March 22 a holiday, as "Aguinaldo Day", based on Proclamation No. 621 issued last November.

The MEA is located at the ground level of the iconic Emilio Aguinaldo Shrine, at Kaingen village here, and is open from 8 a.m. to 4 p.m. Tuesday to Sunday. ***(Gladys Pino-PNA)***

# Cavite Province distributes 'bokyos' to monitor peace and order in barangays

**CAVITE CITY, Cavite (PIA) – The Provincial Government of Cavite's Ugnayan sa Barangay continues to bring government services to different barangays in the province with the recent distribution of modern tricycles called "bokyo" at Samonte Park here in the city.**

Former Governor Jonvic Remulla represented his brother Governor Jesus Crispin "Boying" Remulla in giving out seventy six (76) bokyos to several barangays which will be used as patrol vehicles when they do the rounds especially during early morning hours. The said vehicles were intended to aid the recipient barangays in monitoring their peace and order situation, and to immediately response to emergencies.

"Patuloy ang pagbigay (namin) ng totoong serbisyo sa pamamagitan ng makabuluhang programa para sa lahat," (we will continue to serve our constituents through worthy programs) Jonvic Remulla said as he emphazied their commitment to serve the public.

Cavite City Mayor Bernardo "Totie" Paredes together with other local officials expressed gratitude over the donation of said bokyos which they said will help officials of recipient barangays perform their daily tasks. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite/ with reports from PIC-AD)**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Dikta at impluwensiya

SA ikatlo at huling pagbasa ay inaprubahan na ng mababang kapulungan ng Kongreso ang panukala para sa medical marijuana.

Nasa 163 mambabatas ang pumabor sa House Bill 6517, limang kongresista ang tumutol, at tatlo ang nag-abstain sa naganap na botohan.

Kung kayo po ang tatanungin o boboto, saan kayo? Sa pabor ba o sa hindi?

Ipaliwanag natin na isinasaad sa panukala ang pagtayo ng Medical Cannabis Compassionate Centers (MCCC) na nasa ilalim ng Department of Health.

Ibig sabihin po, ang MCCC lamang ang binibigyan ng karapatan para sa pagbebenta ng medical marijuana.

Siyempre, ang maaari lamang na makakabili ay iyong mga mapapatunayang kuwalipikadong pasyente.

Kapag pasado, ang pasyente ay pagkakalooban ng identification card.

Siyempre, ang sertipikasyon o ang pagpapatunay ay manggagaling sa isang doktor.

Isinasaad na batay sa sertipikasyon ay pinahihintulutan ang pasyente na makagamit ng medical marijuana.

Paano kung may magaganap na sabwatan sa pagitan ng isang doktor at pasyente?

Nagtatanong lamang po dahil hindi naman kaila na kapag gusto ay may paraan.

Parang sa hanay ng ating huridikatura, minsan ang mali ay nagiging tama at ang tama naman ay nagagawang mali.

Nangyayari ito minsan dahil sa pagdidikta ng maimimpluwensiya at makapangyarihan.

Kaya naman ang hatol ay nalilihis, nasaan na ang tunay na hustisya?

Hindi maaaring hindi isipin ng maraming Juan dela Cruz na puwedeng mangyari ito sa usaping medical marijuana.

Pero huwag naman sana.

Ang Food and Drugs Administration ang makakatuwang ng DOH para pamamahagi at pagbebenta ng medical marijuana.

Sa salitang kanto, 'damo' ay isa lamang sa bansag o tawag sa marijuana.

Kung tunay na ito ay alternatibong gamot at napatunayang epektibo ay huwag ng magpatumpik-tumpik pa.

Sabi nga, aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo.

Maipatupad lamang sana ito ng wasto at maayos na hindi maabuso.



**UGNAYAN SA BARANGAY CONTINUES IN BRGY. TALON, AMADEO.** Hundreds of Amadeo residents gathered and joined Governor Boying Remulla and Vice Governor Jolo Revilla in another leg of the provincial government's Ugnayan sa Barangay at Brgy. Talon Covered Court on January 29, 2019. The chief executive of the province had the chance to talk to the people taking consideration of their sentiments and needs and providing immediate assistance to the best of his ability. With him during the program were former Provincial Administrator Redel Dionisio, Indang Municipal Councilor Ping Remulla, Tanza Municipal Councilor Lito Langit and former Special Assistant to the President Bong Go. Amadeo local officials headed by Vice Mayor Junnel Bayot together with Sanggunian Bayan Members warmly welcomed the Ugnayan sa Barangay team.—**PICAD**

# EDITORYAL

## Tutukan ng akmang solusyon

**ANG mga nangyaring pagsabog sa Mindanao ay sinasabing bunga ng kahirapan.**

**Ito ang paniwala ni dating pangulo at ngayon ay House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo.**

**Ang mga problema ng kapayapaan sa Muslim Mindanao ay anino ng kahirapan.**

**Panahong presidente si Arroyo, para sa kanya ay may kaugnayan ang terorismo sa kahirapan.**

**Kung ang kahirapan ang itinuturong ugat ng terorismo ay kailangang tutukan ng akmang solusyon.**

**Sa pamamagitan kaya ng niratipikahang Bangsamoro Organic Law (BOL) ay mabibigyan ng solusyon ang suliranin sa kahirapan?**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

# LGUs, brgys ordered to conduct weekly cleanup along Manila Bay

QUEZON CITY (PIA)—After the Manila Bay Rehabilitation Program kick-off activities on Sunday, the Department of the Interior and Local Government ordered the local government units (LGUs) and barangays along the Manila Bay Watershed Area to conduct weekly clean-up drives to hasten the bay's rehabilitation.

DILG Secretary Eduardo M. Año said the collective efforts and commitment of the LGUs and barangays within the Manila Bay Watershed Area would spell the difference in the rebirth and preservation of the Manila Bay.

"As we all know, Manila Bay is polluted and partly, we have ourselves to blame. But it's not too late, we can still make amends. Sabay-sabay at sasama po nating buhayin ang ating Manila Bay," Año said.

The DILG chief directed 178 LGUs and 5,714 barangays inside the Manila Bay Watershed Area through DILG Memorandum Circular No. 2019-09 to "fulfill their roles and responsibilities pursuant to environmental laws that contribute to the rehabilitation of Manila Bay."

"Sa pamamagitan po nito ay matiyaga naming ipinapaalala sa mga LGU at barangays na sa ilalim ng ating batas ay mayroon silang responsibilidad at panangutan sa pagpapanatili ng Manila Bay at ng ating Inang Kalikasan," the Secretary added.

Under the memorandum, LGUs and barangays must organize clean-up drives in their localities such as, but not limited to, coastal areas and/or inland water systems, on a weekly basis commencing on January 27, 2019.

Año said LGUs and barangays can solicit the support of volunteers, non-government organizations, civil society organizations, academe, among others, "to encourage participation from different stakeholders in the conduct of the clean-up drive."

DILG, together with the Department of Environment and Natural Resources and other national government agencies, was directed by President Duterte to pool efforts "to start cleaning the Manila Bay."

In a separate memorandum, Año enjoined the 5,714 barangays within the Manila Bay Watershed Area to participate in the kick-off activities for the launching of the Manila Bay Rehabilitation Project.

Through DILG Memorandum 2019-07, the DILG Chief emphasized the vital role of barangays and its officials in order to "put an end to the decade-long problem of pollution in the waters of Manila Bay."

"Barangays are important partners of the national government in the rehabilitation of Manila Bay as specified under Republic Act 7160, otherwise known as the Local Government Code. Kaya naman inaasahan natin na makakaisa namin kayo sa adhikaing ito," Año said.

He added that barangays are expected to partake in the drive to renew Manila Bay by conducting clean-up drives in their communities by leading the eco-waste management in their respective barangays.

The memorandum states that Punong Barangays must ensure that all barangay officials and employees shall participate in the clean-up activities; that proper segregation, collection and disposal of clean-up wastes shall be observed at all times; and to document said activity for an increased public awareness for social media postings with the hashtags #MBCleanUp and #MBCleanUp(Barangay's name).

"Pangunahan ninyo ang paghikayat at pagkakaroon ng disiplina para sa maayos na pagtatapon ng mga basura sa inyong lugar sa halip na ihagis ito sa katubigan ng Manila Bay," Año said.

Section 20 of the Philippine Clean Water Act of 2004 provides that LGUs shall share the responsibility in the management and improvement of water quality within their jurisdictions.

Similarly, the Local Government Code states that barangays are required to do basic services which include, but not limited to services and facilities related to hygiene and sanitation, beautification, and solid waste collection. (PIA-NCR)

# DTI, nagbigay ng mga kagamitan sa Sampaloc Weavers Association

**SAMPALOC, Quezon (PIA)**- Isang ceremonial turn-over ng mga bagong kagamitan para sa Sampaloc Weavers Association ang isinagawa ng Department of Trade and Industry (DTI) noong Enero 23 sa barangay San Roque, Sampaloc, Quezon.

Pinangunahan ni DTI-4A Assistant Regional Director Marcelina Alcantara, DTI-Quezon OIC-Provincial Director Julieta Tadiosa at Sampaloc Vice Mayor Boy Abeja ang naturang aktibidad.

Ang naturang mga kagamitan na layong maging pulido at mapabilis ang paggawa ng mga produkto mula sa buli ng asosayon ay ang mga sumusunod: 2-unit ng high post sewing machine; 3-unit ng fabric cloth cluster cutting machine; 1-unit ng high speed lockstitch piping industrial sewing machine; 2-unit ng single needle walking foot; 1 unit ng cylinder type walking foot with binding folder; at 1-unit ng electronic weighing scale.

Sinabi ni Alcantara na tutulong ang DTI sa pagbebenta o marketing ng mga produktong ginawa ng samahan sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga trade fair sa mga malls at iba pang mga aktibidad ng DTI.

"Si Senator Loren Legarda ay tumulong at patuloy na tutulong pa sa Sampaloc Weavers Association kung kaya't hindi kayo dapat magalala sa pagpapatakbo ng inyong negosyong paggawa ng mga produktong mula sa buli o buri kagaya ng sombrero, pamaypay, bag at iba pa," sabi pa ng opisyal.

Sinabi naman ni DTI-Quezon OIC Provincial Director Julieta Tadiosa na ang DTI ay handa talagang tumulong sa mga maliliit na negosyante o samahan kagaya ng Sampaloc Weavers Association upang mapabilis ,mapaganda pa ang paggawa ng mga produkto at mapalaki ang kita ng samahan.

Lubos naman ang ginawang pasasalamat ng pamahalaang bayan ng Sampaloc at ni Gng. Ofelia Gagan na pangulo ng Sampaloc Weavers Association sa DTI sa pagkakaloob ng nasabing mga kagamitan.

Bago ang naturang turover, may mga kagamitang nauna nang ibinigay sa nasabing samahan ang DTI noong Disyembre 2013 at Pebrero 2015 at ang huli ay noong Enero 23, 2019 na umabot sa kabuoang halagang P1.1M. **(Ruel Orinday, PIA-Quezon)**

# Ex-college dean faces 16-year jail term for graft

**MANILA** — A former college dean of a state university is facing a 16-year prison term after the Sandiganbayan found her guilty of two counts of graft for the alleged illegal use of an auditorium for review classes in 2012.

The Sandiganbayan's 7th Division, in a 21-page decision dated last January 25, found Southern Luzon State University College of Allied Medicine (SLSU-COAM) Dean Susana A. Salvacion guilty beyond reasonable doubt of violation of Sections 3 (e) and (h) of Republic Act No. 3019, or the "Anti-Graft and Corrupt Practices Act".

Salvacion was sentenced to suffer the penalty of imprisonment of at least one month to eight years for each count of the graft cases.

"Having been found guilty for both offenses, accused Susana Ariola Salvacion is perpetually disqualified to hold public office," the Sandiganbayan said.

The cases were filed before the anti-graft court on Aug. 24, 2016 and a hold departure order was issued against Salvacion six days later on August 30.

She was ordered arrested on Sept. 14, 2016 and posted bail for her temporary liberty on September 23 that year.

The Office of the Ombudsman charged Salvacion with graft for allegedly illegally allowing her own private review center, Nurmed Hyperlearn Review and Tutorial Services (Nurmed), to conduct review classes at the COAM auditorium from April 16 to May 14, 2012 without a permit and a contract with SLSU for compensation of the auditorium.

She was also charged with graft for allegedly illegally promoting Nurmed as an alternative review facility to SLSU students who would be taking nursing licensure examinations.

She was arraigned on Oct. 17, 2016 and pleaded "not guilty".

"In this case, it is obvious that Nurmed was favored. Verily, its review classes were conducted at the COAM auditorium, which whether accused Salvacion admits or not, is under her control and supervision being the dean of COAM," the Sandiganbayan said in its ruling.

"The fact that it was the students who chose the venue is of no help. While students can choose, their choice is not controlling. Fact remains that an auditorium owned by a state university was used in favor of a private entity owned by no less than by one who has a 'say' in said university," it added.

"Indeed, the Court finds the prosecution to have succeeded in its burden of proving its case. Having been found so, there is no need to discuss the evidence adduced by the defense, which the Court finds to be weak, more so, that her only admitted pieces of documentary evidence consisting of a letter request and the official receipts of payments are of little help or no help at all," the Sandiganbayan said. ***(PNA)***

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFICIO SHERIFF
IMUS, CAVITE

NATIONAL HOME MORTGAGE
FINANCE CORPORATION
Mortgagee/Assignee,
-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF
REAL ESTATE MORTGAGE UNDER
ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

F.C.CASE NO. 16659-18

CONRADO P. TALAVERA married to
MARINA M. TALAVERA,
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION, Mortgagee/Assignee, with principal place of business at 7/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against CONRADO P. TALAVERA married to MARINA M. TALAVERA, Mortgagor with residence and postal address at Lot 16 Blk. 7, Bahayang Pag-asa Subd., Woodsite, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of November 30, 2018 amounts to ONE MILLION EIGHT HUNDRED SIXTY NINE THOUSAND ONE HUNDRED EIGHTY THREE PESOS & 45/100 (Php 1,869,183.45), Philippine Currency excluding interest and penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned will sell at public auction on March 5, 2019 at 10:00 A.M. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway,Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-542358

"A parcel of land (Lot 16, Blk.7 of the subd. plan, Psd-042109-070420, being a portion of Lot 5592-A-1, Psd-04-43436 L.R.C. Rec. No. 8843), situated in the Brgy. Pasong Buaya, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2 by Road Lot, on the NW., along line 2-3 by Road Lot 6; on the NE., along line 4-5 by Lot 14; and on the SE., along line 5-1 by Lot 15, both of Blk.7, all of the subd. plan x x x containing an area of NINETY ONE (91) SQUARE METERS" x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on March 12, 2019 at 10:00 A.M. without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, January 11, 2019

WILMAR M. DE VILLA
Sheriff IV

APPROVED:
REGALADO E. EUSEBIO
Clerk of Court VI & Ex- Oficio
Sheriff

COPY FURNISHED:
NATIONAL HOME MORTGAGE
FINANCE CORPORATION
5/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St.
Makati City 1200

SPS. CONRADO AND MARINA M. TALAVERA
Lot 16 Blk. 7 Bahayang Pag-asa Subd., Woodsite Imus, Cavite
and 1593 Copernico St., Makati City

Publication: HANEP February 4, 11 and 18, 2018

# 11 EMPLEYADO-KUPITERO, TIKLO SA SILANG

**LABING-isang empleyado ng isang Small Town Lottery (STL) branch sa Cavite ang inaresto matapos na umanoy kumupit ng tinatayang P16,000 na kita nito sa Silang, Cavite.**

Kinilala ang mga inaresto na sina Julisus Amingual, 28, ng Brgy. Bigas Silang; Leo Diolata, 45, ng Brgy Biga; Ferdinand Exconde, 55, ng San Pablo City, Laguna; Errol Ramos, 38, ng Bacoor City; Kevin Santos, 23, ng Arayat, Pampanga; Mark Joseph Melanez, ng Brgy Biga, Silang; Angelo Torralba, 24, ng Brgy Biga 1 Silang; Maricel Aguilar, 40, ng Dasmarinas City; Alfredo Flores, Jr., 30, ng Brgy Biga 1 Silang; Henry Vie Dizon, ng Tiaong, Quezon; at Gerald Garate, 26, ng Brgy Biga, Silang, dahil sa reklamo ni Roland Malvar Nudo , 39, assistant operations manager ng Level Up Gaming Corporation at residente ng Mandaluyong City.

Sa reklamo ni Nudo sa Silang Police, naganap ang umano'y pangungupit ng kita sa pagitan ng January 29-30 sa kanilang STL branch sa Brgy Biga 1, Silang kung saan naaktuhan nito na pinalitan ang kabuuang kita ng mula sa unang draw ng lottery.

Dagdag pa ni Nudo sa kanyang inventory na hindi umano ipinasok o in-record ng mga suspek ang P6,000 halaga ng kita at noong January 29 ay P10,000 halaga naman ang hindi rin ipinasok. **GENE ADSUARA**

# Kawatan ng gasolinahan, timbog

ARESTADO ang isang 26-anyos na obrero na nakilala sa CCTV matapos na tumangay sa kita ng isang gasolinahan sa Bacoor City, Cavite.

Hawak ng Bacoor City police ang naarestong suspek na si Marjohn Tagalog, ng Block 6 Lot 7 Phase 1 Pabahay 2000 Brgy Bagtas, Tanza, Cavite dahil sa reklamo ni Dennise Kim Villareal, 24, may-ari ng gasolinahan at residente ng Mlino Road, Brgy Molino IV Bacoor City.

Sa ulat ni PO3 Roy Vincent Reyes, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-4:00 ng madaling araw nang napuna ni Raffy Esquillo, OIC ng Total Gasoline station sa Molino Road IV Bacoor City, na nawawala ang bag kung saan nakalagay ang kita ng gasolinahan na nagkakahalga ng P3,800. Nawawala rin ang kanyang cellphone na nakapatong lamang sa ibabaw ng drawer.

Nang tignan ang CCTV footage, nakita na pumasok ang suspek sa gasoline booth, binuksan ang drawer ang tinangay ang isang bag at cellphone.

Nakilala din ang suspek na isa siya sa mga construction worker sa isang construction site na nagtratrabaho sa harapan lamang ng gasolinahan dahilan ng kanyang pagkakaaresto.

Itinuro ng suspek kung saan niya itinago ang tinangay na pera, gayunman, P1,800 na lamang ang natira. GENE ADSUARA

# Magnanakaw, nagtago sa banyo

HINDI na nakalabas sa loob ng comfort room at tuluyang naaresto ang isang 52-anyos na obrero nang naaktuhan habang nagnanakaw sa loob ng bahay sa Silang, Cavite.

Kasong Qualified Trespass to Dwelling ang isinampang kaso laban sa suspek na si Montano Lacro, Jr., may-asawa, ng Brgy Puting Kahoy, Silang, dahil sa reklamo ni Melody Bagayana, 23, dalaga, call center agent, ng Toletino St., Brgy Puting Kahoy.

Sa ulat ni PO3 John Carlo Talay, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-11:30 Martes ng umaga nang naganap ang insidente sa loob ng bahay ng biktima sa nasabing lugar.

Nauna rito, dumating ang biktima mula sa panggabi nitong trabaho nang napansin na bukas ang lock ng pintuan ng kanyang bahay sa kabila na naisara nito pag-alis niya.

Pagpasok nito ay napansin na tila may tao sa loob at sa takot at panganib ng kanyang buhay ay lumabas ito at nagsisigaw na nakatawag pansin sa kanyang mga kapitbahay dahilan upang magresponde ang mga barangay tanod kung saan hindi na nakalabas ang suspek na nagtago sa loob ng comfort room ng biktima.

Ang suspek ay kasalukuyang nakakulong sa Silang Custodial Center. GENE ADSUARA



**UGNAYAN SA BARANGAY IN DASMARIÑAS:** On behalf of Governor Boying C. Remulla, Governor Jonvic C. Remulla together with Vice Governor Jolo Revilla visited Dasmariñas City constituents during the Ugnayan sa Barangay held on January 26, 2019 at Bahay Pangarap Subdivision Covered Court in Brgy. Sampaloc IV. The outreach program aims to build a strong relationship with the locals and discuss the administration's plans and programs for the benefit of the community. Other local officials who also graced and delivered words of inspiration were 4th District Board Member Teofilo "Rudy" Lara, City Mayor Pidi Barzaga along with Vice Mayor Rex Mangubat and councilors. —**(PICAD)**



**PGC EXTENDS FINANCIAL ASSISTANCE TO INDIGENT CAVITEÑOS:** The Provincial Government of Cavite (PGC) through the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) and the Provincial Treasurer's Office (PTO) once again facilitated the distribution of financial assistance to Caviteño in need on January 28, 2019 at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City. Governor Boying C. Remulla together with OIC-PSWDO Ms. Daryl Avila led the distribution of assistance amounting to P 10, 932, 000.00 to 2,001 Caviteños in which P 9, 133, 000.00 is allotted for 1729 recipients of medical assistance while P 1, 799, 000.00 are for 272 indigent families. In his short message, Gov. Remulla echoed the provincial government's commitment in providing quality public service for the underprivileged constituents. **(PICAD)**



# KARERANG PINOY – THE REVIVAL OF TRACK CYCLING

**Muling naibalik ni Former Secretary General ng Philippine Cycling Armando Bautista sa tulong ng ABJR Events and Talent Management Services ang track cycling event na pinamagatang Karerang Pinoy "The Revival of Track Cycling" sa ika-17 at 24 ng Pebrero at huling yugto sa ika-3ng Marso, 2019 na gaganapin sa Cavite State University (CAVSU) Track Oval, Indang, Cavite na pinayagan ng Presidente ng CAVSU na si Dr. Hernando Robles.**

Sa nagdaang 3 decada ang Track Cycling ay nakatulong sa mga kabataang magkaroon ng scholarship sa iba't ibang unibersidad tulad nila Atty. Cornelio Padilla Olympian ng FEU, Ben Evangelista Olympian ng UE, sa FEATI na sina Maximo Junta, Jr. Olympian, Roberto Querimit Asian Games Medalist, Carlos Anitinor Asian Games Medalist, sa ADAMSON na si Rodrigo Arzadon - Asian Games Medalist, PUP - Rolan Ocampo Scholar and TUP Arcenio Tado Scholar, ang di malilimutang 7 times Track Oval King Manolito Moring, at marami pang iba.

"Sa panahong ngaun, ang lahat ay naka-focus sa mountain biking at road racing kaya't tuluyang nakalimutan ang track cycling event kung saan mayroong siyam na medalyang pinaglalabanan sa international competition tulad ng Asean Games, Seagames and Olympics ngunit wala nang nagaganap na kompetisyon dito sa Pilipinas, kaya't nais naming maibalik ang nawalang kinang ng Philippine Cycling" – sinabi ni Armando Bautista (Former Sec Gen).

"Nakita ko rin na dapat mabigyan ng proteksyon sa daan ang mga siklista sa pamamagitan ng pagbibigay ng insurance sa kanila, together let us make history" – dagdag pa ni Armando Bautista, Jr. (ABJR-ETMS).

Maging bahagi ng makasaysayang event na ito, sa mga nagnanais na sumali tumawag or magtext sa mga numerong: 09165577796 / 09239393321 / 09774015591 or magsend ng email saabeventsandtalents@gmail.com

HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com



**NAGT** - NANGUNGUNA ang Fil-Spanish sa ilang portion ng running ng gahidlang agwat kay John Chicano ngunit sa bandang huli ang unang nakatawid sa finish ang batikan na si Chicano sa oras nitong 1:58:47 habang nagtala naman sa 2nd place ng 2:00:01 na oras si Fer Casares sa NAGT National Age Group Triathlon sa Subic Bay. Free Port Olongapo. **(RGN)**




**INTERVIEW** - KINAPANAYAM (kanan) ni sportswriter veteran Lito Cinco ang PBA Player agent na si Danny Espiritu habang nasa kasagsagan ng laban ng Phoenix at Columbian Dyip sa Smart Araneta Coliseum. Kung saan nag wagi sa maaksyong tagpo ang Fuel Master sa Dyip. **(RGN)**

## Rotary International's 114th Anniversary Fun Run for a Cause

Lagpas sa 35,000 Rotary clubs at kanilang miyembro worldwide ang magdaraos ng kanilang organization's founding day sa Pebrero 23, 2019 na may various activities.

Ito ay pangungunahan ni District Governor Jose "Boy" Garcia ng District 3820 sa day-long activities na may 118 Rotary clubs mula eleven (11) provinces na kinabibilangan ng Laguna, Batangas, Quezon, Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Sorsogon, Catanduanes, Masbate, Marinduque at Oriental Mindoro.

Sa padiriwang nila ang kanilang anniversary ay may early morning Fun Run for a Cause at kausnod sa afternoon onwards ang Silent Auction Sale, Variety Show at tatapusin ng isang Concert for a Cause tampok ang dalawang two known local bands (Joey G at 70's Superband) na gaganapin sa City of Santa Rosa Multi-Purpose Complex. Ang Concert for a Cause ay bukas sa general public.

Habang ang Fun Run for a Cause ay gaganapin sa Greenfield Paseo sa City of Santa Rosa at ito ay may three categories: 10K, 5K at 3K. Generous cash prizes ang nakataya sa top three male at female finishers sa three categories.

Ang registration fees ay cover singlet, race bibs at certificate of participation. Inaasahan sa Fun Run ang 1,000 runners at bukas sa mga Rotarians at general public.

Nakalaan naman ang kikitain ng fun run sa pag donate ng Rotary sa main advocacy End Polio Now, "the commitment to eradicate forever the polio disease second to smallpox." Ang 114th Rotary International anniversary celebration by the district ay hosted ng Rotary Cub of Nuvali. (Marlon Bernardino)




National Open sa March ang Ilan lamang sa naging sentro ng pag talakay ni Dragon boat coach Len Escollente kasama sa larawan ang pangulo ng Philippine Cano Cayak Dragon Boat Jonne Go sa kanilang pag bisita sa lingguhang TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila. **(RGN)**




**PATAFA** - SINAGOT ni PATAFA President Dr. Philip Ella Juico ang mga katanungan ng sports media kaugnay ng nalalapit na 2019 Philippine National Open at ang Southeast Asian Youth Athletics Championship na gaganapin sa Ilagan City ngayon Marso 1 hanggang 8 habang kasama sina Trustee & Area Vice President PATAFA, Josemarie "Jay" L Diaz, LTimestudio Soleus Judeth Staples at Ayala Corp Jaime Villegas sa ginanap na media launch sa ELM'S Kapihan & Bar. Pasig **(RGN)**

# 'DAMO' SA BOTE NG PABANGO, BISTADO

**ARESTADO ang isang 26-anyos na obrero nang mahuliaan ng pinatuyong dahon ng marijuana na nakalagay sa isang bote ng pabango nang tangkain nitong ipasok sa loob ng kulungan sa Tagaytay City, Cavite**

Nakakulong sa Tagaytay Custodial Center ang suspek na si Daniel Justine Porcia ng C3 Road Tamban St., Dagat-dagatan Ave., Brgy. 22, Caloocan City.

Sa ulat ni PO2 Jester Jade Jaime, ng Tagaytay City Police Station, dakong alas-2:30 ng hapon nang arestuhin ang suspek sa entrance gate ng BJMP Tagaytay City.

Nauna rito, nagsagawa ng body searching si JO1 Mark Polanes ng Tagaytay CPS sa mga bisitang dumadalaw sa mga nakakulong sa nasabing piitan nang mapansin nito ang isang bote ng pabango (Sophia perfume) na dala ng suspek at nang tignan ang laman sa loob ay naglalaman ito ng mga pinatuyong dahon ng marijuana.

Ang suspek ay dadalaw sana kay PDL Luisito Sarabia na nakakulong matapos na magpasok ng plea bargaining dahil sa kaso ng droga.

Samantala, matatandaan na swak din sa kulungan ang isang 39-anyos na vendor nang mahulihan ng hinihinalng shabu na tangkang ipasok sa kulungan para sa kanyang dalaw na preso sa Dasmarinas City, Cavite.

Kasong paglabag sa Section 12 ng RA 9165 ang isinampang kaso laban sa suspek na si Melody Florana, dalaga, ng 154 Brgy. Aniban 2, Bacoor City.

Sa ulat ni SPO1 Michael Legaspi, Jr., ng Bacoor City Police Station, dakong alas-3:30 Sabado ng hapon nang dadalaw sana ang suspek kay Isagani Ordonez na nakakulong sa Bacoor City Custodial Center dahil sa kasong paglabag sa RA 9165.

Gayunman, nang inspeksiyunin ni PO1 Normita Gomez, nakatalaga sa Bacoor City Custodial Center ang kanyang mga gamit ay nakita ang limang piraso na aluminum foil ng naglalaman ng hinihinalang shabu at disposable lighter dahilan upang arestuhin. **GENE ADSUARA**

# 60 Jalajala residents acquire Emancipation Patents

**JALAJALA, Rizal (PIA)**— The Department of Agrarian Reform (DAR) - Rizal and the Jalajala Municipal Government successfully turned over 64 Emancipation Patents to locals during the town's flag ceremony Monday.

DAR Provincial Agrarian Reform Officer Saturnino Bello and Jalajala Mayor Elionor Pilias led the turnover ceremony distributing more than 17,000 hectares of the Cayetano De Borja et. al property in barangays Poblacion and Sipsipin in Jalajala.

"Most of the properties have been distributed between the 1980s until 2005, this is the last of the De Borja property to be distributed here in Jalajala. We also thank the mayor and the assessor because this is the first time where we will distribute both the EP and tax declarations," said Pedro Isabelo Bagoyo Jr. of DAR-Rizal.

Unlike Certificate of Land Ownership Awards (CLOA) which fall under the Comprehensive Agrarian Reform Law, Emancipation Patents fall under the former President Ferdinand Marcos' Operation Land Transfer Bagoyo added.

"The new land owners should take care of their land and should not sell their newly-acquired lands and if they decide to give away the properties it would only be to their relatives or family members," Pilias said during the latter part of the flag ceremony.

The Department of Agrarian Reform also conducted an orientation on the rights, roles and responsibilities of agrarian reform beneficiaries at the Jalajala Municipal Complex after the flag ceremony. **(PIA-Rizal)**

# KWF PHP600,000 Grant sa Lingguwistikong Etnograpiya: Itanghal ang katutubong wika mo!

**MAYNILA**—Tinatawagan ang mga iskolar at mananaliksik ng mga katutubong wika na magsumite ng mga panukalang saliksik sa proyektong KWF Lingguwistikong Etnograpiya. Ang mga matatanggap na panukalang saliksik ay maaaring magawaran ng grant na hanggang anim na daang libong piso (PHP600,000).

Bukás ang grant sa indibidwal o grupo ng mananaliksik, o sa institusyon na nagnanais magsagawa ng pag-aaral sa mga katutubong wika ng Filipinas. Etnograpiya ang paraan ng pananaliksik na gagamitin sa pagdodokumento ng iba't ibang aspekto ng wika at kultura, gaya sa relihiyon, kalusugan, kabuhayan, pamayanan, pamilya, pamamahala, edukasyon, at panitikan.

Layon ng programang KWF Lingguwistikong Etnograpiya na magtipon at maglathala ng mga komprehensibo at napapanahong saliksik ukol sa mga katutubong wika ng Filipinas. Sinimulan ang programa noong 2015 sa pakikipagtulungan sa Opisina ni Senadora Loren B. Legarda. Nakapagdokumento na ito ng 40 katutubong wika. Target naman na makapagdokumento ng 30 na katutubong wika para sa taóng 2019.

"Ito ang pinakamalaking research grant na iginagawad ng KWF," paliwanag ni Virgilio S. Almario, Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA). "Inilalaan ng KWF ang malaking porsiyento ng pondo ng ahensiya para sa mga programa sa pagpapasigla at pagdodokumento ng iba't ibang katutubong wika ng Filipinas. Pagtupad ito ng KWF sa tungkuling pangalagaan ang lahat ng mga katutubong wika."

Bahagi ang Lingguwistikong Etnograpiya ng malawakang programa ng KWF para sa pangangalaga ng mga katutubong wika. Ipinroklama ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO) ang 2019 bilang International Year of Indigenous Languages. Pinagtibay ng KWF sa Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 18-31 ang pagpapaigting ng mga programa at proyekto para sa mga katutubong wika ng Filipinas.

Sa 15 Pebrero 2019 ang huling araw ng pagsusumite ng mga panukalang saliksik.

Maaaring ipadala ang mga aplikasyon sa kwf.ssg@gmail.com at/o sa Lupon sa Lingguwistikong Etnograpiya Komisyon sa Wikang Filipino 2P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, 1005 San Miguel, Maynila.

Para sa mga form at iba pang detalye ng grant, magtungo sa www.kwf.gov.ph o makipag-ugnayan kay G. Jay-mar Luza ng Sangay ng Salita at Gramatika sa telepono blg. (02) 243-9855.

# SSS offers loan program for pensioners in Tarlac

